LUYA. . . MAINAM NA SUPPLEMENTO PARA SA ALAGANG MANOK

PAUNANG SALITA

Ang kasalukuyang pamamaraan ng pag-aalaga ng maraming populasyon ng manok sa limitadong espasyo ay nagbubunga ng pagdami ng mga mikrobyo na siyang dahilan ng pagkakasakit ng mga alagang hayop. Nakasanayan na rin ng mga nag aalaga ng manok na gumamit ng mga antibiotiko upang pangalagahan ang mga alaga laban sa sakit. Dahil sa hangaring mapabuti ang kalusugan ng mga alaga, ang pagbibigay ng antibiotiko sa pamamagitan ng paghahalo nila sa pagkain at inuming tubig ay ginagawang rotinaryo. Dahil sa abusong paggamit ng antibiotiko, nagreresulta ito ng tinatawag na "immunity" sa mga mikrobyo. Idagdag pa dito ang mga naipon na "antibiotic residues" sa karne at itlog ng manok na maaring makasira sa kalusugan ng mga taong kumakain nito.

Ang luya ay isang uri ng tanim na may sangkap na maaring makatulong upang mapanatili ang kalusugan. Pinapatunayan din ng ibang mananaliksik na ang mga sangkap nito ay makakatulong sa proseso ng pagtunaw at mapaganda ang "feed conversion efficiency" ng mga alagang manok.

PAMAMARAAN

Para sa Pangitloging Manok

Linisin ang luya, hiwain ng manipis at ibilad sa araw hanggang matuyo. Gilingin ang napatuyong luya upang maging pulbos at ihalo sa pagkain o patuka ng manok. Ang dami ng pulbos na luya ay mula 1%, 2% o 3% bawat kilo ng pagkain. Ipakain ang pinaghalong patuka at pinulbos na luya sa pangitloging manok at ikumpara ito sa mga manok na binibigyan ng "commercial supplement".

Para sa Broiler

Linisin ang luya at hiwain ng manipis. Pakuluan ang kalahating kilo ng hiniwang luya sa isang litrong tubig sa loob ng 30 minuto. Salain ang tubig o "extract" at isilid sa malinis na lalagyan. Ihalo ang extract sa inumin ng broiler sa panahon ng "brooding". Ang dami ng extract na ihalo sa bawat litro ng tubig ay 2.5 ml, 5 ml, 7.5 ml o 10 ml. Ikumpara ito sa mga manok na binigyan ng antibiotiko sa tubig.

RESULTA

Pinulbos na Luya para sa Pangitloging Manok

PARAMETER	Walang Luya	1% Luya	2% Luya	3% Luya
Average Rate of Lay (12 mos) %	72.27b	77.25a	79.13a	80.00a
Dami ng Itlog (12 mos)	264	282	289	292
Feed Conversion Ratio	1.94a	1.80b	1.74b	1.79b
Cost of feed/dozen egg (PhP)	41.78a	38.63b	37.34b	38.14b

Luyang "Extract" sa inumin ng Broiler

PARAMETER	Commercial Drug	2.5 ml/litro ng tubig	5 ml/litro ng tubig	7.5 ml/litro ng tubig	10 ml/litro ng tubig
Timbang, kg (35 days)	1.52	1.52	1.52	1.50	1.55
Dami ng Kinain, kg	2.88	2.88	2.80	2.56	2.76
Feed Conversion Ratio	1.98	1.97	1.92	1.78	1.85
Kita, PhP	6.63b	16.50ab	18.75a	24.88a	17.88a

KONKLUSYON

Para sa hangaring maka "produce" ng "Healthy" na itlog at karne ng manok, ihalo ang pinulbos na luya sa dami ng 1% hangang 3% bawat kilo ng patuka para s pangitloging manok at para sa broiler ihalo sa 1 litrong inuming tubig ang 5ml na luyang extract at ipainom ito sa panahong ng brooding.

Researchers:
CYNTHIA M. RODRIGUEZ | LYDIA P. LIBUNAO
PEPITO V. HUFALAR | EUFEMIO O. SAGUN | MEDELYN A. AGLIPAY
Don Mariano Marcos Memorial State University
North La Union Campus
Bacnotan, La Union